| Aralin 10 | الدرس العاشر |
| --- | --- |

## Mga Sandigan ng Pananampalataya

Nalalaman natin, batay sa mga katibayan buhat sa Qur'án at Hadíth, na ang mabuting mga gawa at mga salita ay nagkakaroon lamang ng kabuluhan at tinatanggap kapag nagmula sa wastong paniniwala. Samakatuwid, kung ang paniniwala ay hindi tama, mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng mga gawa at mga salitang nagmula rito gaya ng sinabi ni Allah (5:5): **"Ang sinumang tumanggi sa Pananampalataya, nawalan na ng kabuluhan ang gawa niya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga talunan."** at ng sabi pa Niya (39:65): **"Talaga ngang naisiwalat sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talaga namang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalan nga ng kabuluhan ang iyong gawa at ikaw ay talagang mapabi-bilang nga sa mga talunan."**

Ipinakikita ng Aklat ni Allah at ng Hadíth ng Sugo Niya (SAS) na ang wastong paniniwala ay mabubuod sa paniniwala:

1. Kay Allah,
2. Sa mga anghel Niya,
3. Sa mga aklat Niya,
4. Sa mga sugo Niya,
5. Sa Huling Araw, at
6. Sa Tadhana at Pagtatakda—ang mabuti at masama nito.

Ang anim na ito ang Saligan ng Wastong Paniniwala na ibinabang kasama ng mga ito ang Mahal na Aklat ni Allah at isinugong kasama ng mga ito ang Kanyang Sugo na si Muhammad (SAS). Tinatawag ang mga ito na mga Haligi ng pananampalataya.